

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-7 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 11TH SANGGUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 15 AGOSTO 2022, IKA-1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Pangalawang Punong Bayan Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	
Konsehal John John S. Yason	
Konsehal Lucille T. Bacay	
Council Konsehal Juan Rafael M. Talens	
Konsehal Robert A. Baticos	
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	
Konsehal Marietta R. Pajila	
Konsehal Elmer P. Salibio	
Konsehal Elmira May V. Tarac	

Hindi Nakadalo:

Konsehal King Philip B. Dimapilis

KAPASYAHAN BLG. 51
Taong 2022


KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG
TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT
PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT KAAKAK
NG YUMAONG **G. NOEL F. FALLARIA**, DATING
KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS,
ORIENTAL MINDORO.


SAPAGKAT, si G. Noel F. Fallaria ay nagsilbi sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro bilang Radio Operator noong Hulyo 7, 1989 hanggang Setyembre 30, 1997, naging License Inspector II noong Pebrero 1, 1999 hanggang Enero 31, 2018 at naging Market Supervisor noong Pebrero 1, 2018 hanggang Agosto 11, 2022;

SAPAGKAT, bilang isang kawani ginampanan niya ang kanyang tungkulin ng may pagmamalasakit at dedikasyon upang maging karapat-dapat sa mga gawaing iniatang sa kanya.

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito sinikap nyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kabiya, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasamahan sa paglilingkod.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA


DAHIL DITO, sa ~~nagkakaisang~~ mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa mga naulila ni **G. NOEL F. FALLARIA** ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga naulila ng yumaong **G. NOEL F. FALLARIA** lakip ang taus-pusong pakikiramay sa pagpanaw ng isang kasamahan sa paglilingkod.

Pinagtibay : 15 Agosto 2022

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

mjcrito/08152022

